

Victorian Seniors Card



Ito ay isang Seniors Card, at may maraming benepisyo at diskwento.

Ang layunin ng Seniors Card ay hikayatin ang mga matatanda na manatiling aktibo at makisali sa komunidad, na ginagawang mas abot-kaya para sa mga nakatatanda na lumabas at maglibot.

Upang maging karapat-dapat para sa isang Seniors Card sa Victoria ikaw ay dapat 60 taong gulang o mas matanda, gayunpaman, maaari kang mag-aplay para sa isang card hanggang apat na linggo bago ka maging 60.

Dapat kang maging permanenteng residente ng Australia na naninirahan sa Victoria.

Mayroong dalawang magkaibang card

- Kung nagtatrabaho ka nang wala pang 35 oras bawat linggo, maaari kang mag-aplay para sa Seniors Card.
- Kung nagtatrabaho ka ng 35 oras bawat linggo o higit pa, maaari kang mag-aplay para sa isang Seniors Business Discount card.

Upang mag-apply online, kailangan ihanda mo ang iyong Medicare card.

Ito ay aabutin nang limang minuto at ang Seniors Card ay libre.

Makukuha din ang mga form ng aplikasyon sa iyong lokal na aklatan, at matutulungan ka nila sa online na form.



Maaaring samantalahin ng mga may hawak ng Seniors Card at Seniors Business Discount Card ang mga diskwento sa mga produkto at serbisyo mula sa libu-libong negosyo ng Seniors Card.

Para sa mga may hawak ng Seniors Card - may libreng Seniors myki card kapag sumali ka sa programa na may mga diskwento sa pampublikong sasakyan.

Kasama sa mga benepisyo ang:

- Mga diskwento sa libu-libong negosyo kabilang ang mga restaurant.
- Mga diskwento sa maraming atraksyon tulad ng Melbourne Zoo.
- Diskwento sa pagpasok sa museo.
- Mga diskwento sa mga tiket sa pelikula.

Hanapin ang logo ng 'Seniors Card Welcome Here' o humingi ng mga diskwento sa Seniors Card kapag nasa labas ka.

Mag-apply online para masimulan mong makuha ang mga benepisyo ng isang Seniors Card ngayon.

www.seniorsonline.vic.gov.au

